**LESSON PLAN** | Topic and Targeted Takeaways to Learn About and Retain
***Banghay-aralin*** | *Paksa at Inaasintang mga Matututunan at Maalala ng Mag-aaral*

**Week 2 Topic** | The Equally Amazing Good Things in the World
***Paksa ng Linggo*** | *Ang Nakamamangha ring mga Kabutihan sa Mundo*

**Main Question** | How did all these Diversities come to be?
***Susi na Tanong*** | *Paano ba umusbong ang mga Pagkakaiba-iba?*

**Key Learnings**
***Dapat Magagap***

1. May iba-iba ring mga paliwanag ng Pagkakaiba-iba.
   *There's no shortage of different explanations of Diversities.*
2. It's helpful to begin with what is readily observable, and regard Diversity as our common Square One.
   *Mas mabuti kung magsisimula sa madali agad na nakikita, gaya ng Pagkakaiba-iba, na unang tagpuang tuntungan.*
3. Conflict and harmony both arise out of Diversities.
   *Ang pasakit at igaya ay kapwa singaw ng Pagkakaiba-iba.*

NOTES | REFERENCES | SOURCES | TASKS

Mga Kagamitan:
- **a**. Projector/TV
- **b**. Laptop/Computer
- **c**. Speaker

Paunang mga Gawain:
- **a**. Panalangin
- **b**. Pag-tsek ng Attendance
- **c**. Thought of the Day
- **d**. Pampasigla

Contextualized Activities Balete, Aklan

Sources:
https://www.youtube.com/watch?v=EGJhY8iDbJ8
https://www.youtube.com/watch?v=SZ41OTCb0wc&list=PLvbUGXy3BoUUeFlM2C9wVNoZ07RzGy4rl&index=14
https://www.canva.com/dream-lab



I. Animating the Affective Senses and Sustaining the Recollection of Learning
*Pagpupukaw ng Pakiramdam at Malaunang Pagpapatimo sa Alaala ng Napag-aralan*

Awitalakayan
DOWNLOAD
TOPIC SONG

societrix.com/exemplars/02

### *Ang Ganda ng Mundo*

LIBRARY OF SONGS AND SOCIETY

*Ang hardin ng daigdig*
*Ang lawak, ang lawig*
*Ang ganda, ang ganda, ang ganda*
*May puti, may pula*
*May lunti, may ginto*
*Ang ganda, ang ganda ng mundo!*

*Ang ganda ng kalikasan*
*Yamang-uri umaapaw*
*Dapat nating alagaan*
*Kupkupin araw-araw*

*Makikita mo rin*
*Ang buwan at bituin*
*Ang ganda, ang ganda, ang ganda*
*Sa karatig-pook*
*Di ka na lalayo*
*Ang ganda, ang ganda ng mundo!*

AFFECTIVE CLASS EXERCISES

**Gawain 1. "Ang Ganda ng Mundo" Pagtuklas at Pagbabahagi:**

Pagkatapos pakinggan ang kantang "Ang Ganda ng Mundo", pag-usapan kung anong kagandahan ng kultura, kalikasan, at kapaligiran sa Balete, Aklan, ang sumasalamin sa kanta.

**Pamprosesong mga Tanong**
1. Ano ang mga magagandang tanawin, halaman, o hayop na makikita ninyo sa Balete? Paano ninyo ito inaalagaan?
2. Ano ang inyong paboritong lugar sa Balete? Bakit sa tingin mo maganda ang lugar na ito?
3. Ano ang dulot na pakiramdam sa inyo ang mga magagandang tanawin, halaman, at hayop sa Balete?

## II. Engaging the Cognitive Faculties through Critical Freewheeling Exchange of Inquiries, Suppositions, Information, and Opinions

*Pag-uudyok ng Kaisipan sa pamamagitan ng Mapanuri at Malayang Pagpapalitan ng mga Pagpapalagay, Katanungan, Kuro-kuro, at Kaalaman*

**THE SOCIAL VALUE OF SHARED OBSERVATIONS**

**Because of diversities, it is understandable that people view and judge things differently between and among themselves. How are they to agree over their numerous differences then? Either they simply stubbornly insist upon their diverse points of view, or work with what their common observations show.**

COGNITIVE CLASS EXERCISES

***Enchanting Balete*: Mga tradisyon at pagkakaiba-iba na nagbubuklod sa Pamayanan**

Ang mga tradisyon sa Balete ay sumasalamin sa kultura at paraan ng pamumuhay na karaniwang konektado sa pananampalataya, kabuhayan at pagkakaisa ng komunidad kagaya ng **Piyesta ng Patron**, mga **Gawaing Pang-agrikultura at Pangingisda**, at **Pagkakaisa at Komunidad: *Sagibin* o Bayanihan.**

Ang mga kaugalian at tradisyong ito ay nagpapakita ng pagkakakilanlan ng Balete, Aklan, na mayaman sa kultura at pinahahalagahan ang pagkakaisa sa gitna ng pagkakaiba-iba.

**Gawain 2. Bakit Magkaiba? Pag-usapan**:

Pangkatin ang mga mag-aaral sa apat (4) na pangkat, ibahagi sa bawat pangkat ang mga pamprosesong tanong sa ibaba at hayaan silang mag-isip ng iba't ibang posibleng paliwanag o dahilan kung bakit may ganitong pagkakaiba.

**Pamprosesong mga Tanong**

1. Bakit magkakaiba ang uri ng mga pananim sa ating mga bukirin sa Balete?
2. Bakit may iba't ibang tradisyon sa pagdiriwang ng piyesta sa mga barangay sa Balete?
3. Paano nakakatulong ang pagkakaiba-iba sa mga pananim sa pamumuhay?
4. Paano nagiging sanhi ng maliit na "conflict" ang pagkakaiba sa tradisyon at kultura?

**Gawain 3. *Histoya* Balete:**

Sa pamamagitan ng isang maikling pagsasadula, ipakita ang pagkakaiba-iba ng mga tao, sa kultura, at kalikasan sa Balete. Ipakita rin sa dula ang kahalagahan ng pagtanggap sa kaibahan ng bawat isa.




## III. Employing Physical Activities, Tactile Tools and Manipulatives to enhance Absorption and Internalization of the Subject and Key Learnings

*Paggalaw ng Katawan at Paggamit ng mga Aparatong Nabubusisi't Nahahawakan upang mapaigi ang Pagnguya at Pagsaloob ng Paksa at Kaakibat na Aral*

DIVERSITIES
Societrix Square One

*In Search of Common Grounds in Citizenship Education*




PHYSICAL AND TACTILE CLASS EXERCISES

**Gawain 4. *Societrix Model: Palibot ko, Palangga ko* (Paligid ko, Mahal ko)**:

Hayaan ang mga mag-aaral na "maglakad" sa paligid ng silid-aralan (o sa labas kung pwede at ligtas) at "obserbahan" ang iba't ibang bagay o tao. Pagbalik sa upuan, ipabahagi ang kanilang mga obserbasyon sa isang partner. Gamit ang ***Societrix Model***, ipaliwanag na kahit magkakaiba ang nakikita o pinaniniwalaan, mayron pa ring mga bagay na "common" na maaring pagmulan ng pagkakaintindihan.

**Pamprosesong mga Tanong**

1. Sa kabila ng pagkakaiba ng inyong nakita o naobserbahan, ano ang inyong napagkasunduan o napansin na pareho?
2. Paano ninyo magagamit ang inyong pagkakaiba at pagkakapareho upang makatulong sa pagpapaunlad ng ating bayan?

## IV. **Active Integration** | Content Creation for popularizing Citizens' Concerns
***Aktibong Paghahabi*** | *Paglikha ng Mensaheng may Pakialam sa mga Mamamayan*

Kalikasa'y maganda
Kasi nandiyan ka
Habangbuhay maganda
Kahit wala ka na!

*Nature does beautifully shine*
*With you in the background*
*And turns out perfectly fine*
*Soon as you're not around!*

INTEGRATIVE CREATIVE CONTENT ADVOCACY CLASS EXERCISES

**Gawain 5. Ang Aking Balete ay... *Photo Collage-Slogan*:**

Gumawa ng isang *Photo Collage* ng mga lugar o bagay sa Balete na nagpapakita ng "Ang Ganda ng Mundo" o "kabutihan" ng inyong komunidad. Sa ilalim ng *Collage*, maglagay ng maikling slogan na nagpapakita kung paano mo pinahahalagahan ang pagkakaiba-iba at kagandahan ng Balete, at ang iyong tungkulin bilang mamamayan. Ang nagawang *Photo-Collage* ay ilalagay sa isang *mini-gallery* upang makita ng ibang mag-aaral.

**Gawain 6. *Back to the future Time Capsule!* Isang liham para sa bukas ng Balete**

Sumulat ng maikling liham sa mga susunod na henerasyon ng mga taga-Balete. Sa liham, ilahad ang iyong mga natutunan tungkol sa "pagkakaiba-iba" at "kabutihan" ng iyong komunidad. Ilagay ang mga liham sa isang selyadong lalagyan at ibaon ito sa isang lugar sa paaralan. Magtakda ng taon kung kailan ito bubuksan sa hinaharap.



## V. Process and Impact Assessments from the views of Teachers and Students
*Pagtatasa ng Proseso at Epekto batay sa tingin at danas ng mga Guro at Mag-aaral*

**KEY ASSESSMENT INDICATORS**

| | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
|---|---|---|---|---|---|
| **AFFECTIVE** : Feelings over the Subject<br>*Pagdama sa Paksang Pinag-aaralan* | Numb<br>*Namanhid* | Disdainful<br>*Nangutya* | Affected<br>*Nabagbag* | Hopeful<br>*Nag-alab* | Shaken<br>*Nayanig* |
| **COGNITIVE** : Thoughtful Consideration<br>*Pagsasa-isip ng Usaping Tinatalakay* | Falsehood<br>*Bulaan* | Irrational<br>*Baligho* | Mindful<br>*Mapagtanto* | Thorough<br>*Mabusisi* | Analytic<br>*Mapanuri* |
| **PHYSICAL** : Participation in Activities<br>*Paglahok sa mga Pisikal na Aktibidad* | Unwilling<br>*Umiiwas* | Hesitant<br>*Atubili* | Cooperative<br>*Sumasali* | Involved<br>*Ganado* | Animated<br>*Bibo* |
| **APPLIED** : Creative Content Advocacy<br>*Pagbabahagi ng Natutunan sa Klase* | Negligent<br>*Pabaya* | Wanting<br>*Kulang* | Compliant<br>*Bastante* | Consistent<br>*Palagi* | Persistent<br>*Pursigido* |
| **PROCESS** : Generating Joy in Learning<br>*Paglinang ng Kasiyahan sa Pagkatuto* | Annoyed<br>*Nayayamot* | Bored<br>*Nababagot* | Content<br>*Kampante* | Eager<br>*Natutuwa* | Excited<br>*Nagagalak* |

Giving something a thought or thoughtful consideration opens a universe of possibilities that are often out of reach to the imagination. It goes without saying that no meaningful answer is ever arrived at without first considering the question. More than the answers, it is the questions themselves that need probing and evaluating whether they lead to the tyranny of correctness, or the liberating inconvenience of correction. The goal of literacy is to help enable young learners to be functionally literate enough see through layers and layers of elaborate schemes and designs to perpetuate superstition, unreason, and falsity. We succeed only when we see students not just questioning, but questioning everything.

TEACHER'S ADAPTIVE NOTES | INNOVATIVE WAYS FORWARD